Ang booklet na ***Pangangalaga ng Iyong Pagkakakilanlan – Ang Dapat Malaman ng Bawat-isa (Protecting Your Identity – What Everyone Needs to Know)*** ay nagbibigay ng higit pang impormasyon at pagpapayo. Kasama rin dito ang mga mungkahi tungkol sa kung ano ang iyong gagawin kung ang iyong pagkakakilanlan ay ninakaw. Ang booklet ay makukuha sa online sa www.ag.gov.au/identitysecurity



## Saan pupunta para sa higit pang impormasyon

**Seguridad ng Pagkakakilanlan**

- www.ag.gov.au/identitysecurity

**Seguridad ng Pinansyal na Pagkakakilanlan**

- www.moneysmart.gov.au
- www.protectfinancialid.org.au

**Cyber security**

- www.staysmartonline.gov.au
- www.cert.gov.au – para sa malalaking negosyo
- www.cybersmart.gov.au – para sa mga bata, mga magulang at mga guro
- www.ag.gov.au/cybersecurity – para sa impormasyon tungkol sa patakaran ng gobyerno
- www.icode.net.au – para sa Internet Industry Association’s voluntary code of practice on cyber security

**Pagkapribado (Privacy)**

- www.oaic.gov.au

**Mga Panlilinlang at pandadaraya (Scams and fraud)**

- www.scamwatch.gov.au



Australian Government

# Pangangalaga ng Iyong Pagkakakilanlan

Sampung Simpleng Paala-ala (Tip)



**Ang iyong pagkakakilanlan ay isa sa iyong pinakamahahalagang bagay. Ang mapatunayan kung sino ka ay mahalaga para sa maraming aspeto ng iyong buhay – mula sa pagkuha ng pautang para sa bahay hanggang sa pagsisimula ng bagong trabaho at pagbili ng anuman sa online.**

Kapag ninakaw ng mga kriminal ang iyong pagkakakilanlan, makikita mo na ang mga ganitong pang-araw-araw na mga gawain ay mas mahirap. Ang tensiyon at pinansiyal na kabayaran ay maaaring tumagal ng mga taon.

Ang iyong pagkakakilanlan ay maaaring manakaw kung ang mga kriminal ay magkaroon ng pagkakataong makita ang iyong mga personal na dokumento, tulad ng iyong pasaporte, lisensya sa pagmamaneho o mga kuwenta ng bayarin.

Mananakaw din nila ang iyong pagkakakilanlan sa pagkakaroon ng pagkakataong makita ang iyong mga personal na impormasyon, tulad ng iyong tax file number o impormasyon sa social media sites. Kahit inaakala mo na ang mga magnanakaw ay mayroon lamang kaunting impormasyon tungkol sa iyo, maaari nilang gamitin ang mga pampublikong pinanggagalingan upang makakuha ng mga karagdagang impormasyon tungkol sa iyo.

Inilathala ng gobyerno ng Australia ang pamplet na ito upang tulungan kang mapangalagaan ang iyong pagkakakilanlan. Kasama dito ang maraming mabilis at madaling mga paala-ala na magagamit mo upang mabawasan ang panganib na manakaw ang iyong pagkakakilanlan.




## Paano ko mapapangalagaan ang aking pagkakakilanlan?

**Ang pangangalaga ng iyong pagkakakilanlan ay maaaring tila kumplikado, kaya narito ang 10 simpleng paala-ala para sa seguridad ng pagkakakilanlan:**



**1**

Siguruhing ligtas ang iyong mga personal na dokumento sa tahanan, kung ikaw ay magbibiyahe at kung kailangan mong sirain ang mga ito.

**2**

Siguruhing ligtas ang iyong mailbox sa paglalagay ng kandado at kung ikaw ay aalis, ibigay ang direksyong paghahatiran ng mga sulat.

**3**

Maging maingat sa paggamit ng social media at limitahan ang dami ng personal na impormasyon na iyong inilalathala sa online.

**4**

Siguruhing ligtas ang iyong computer at mobile phone sa paggamit ng software na pangseguridad at mahirap malamang passwords at iwasan ang paggamit ng mga pampublikong computer para sa mga maseselang gawain.

**5**

Pag-aralan kung paano iwasan ang mga karaniwang panlilinlang sa www.scamwatch.gov.au.

**6**

Maging maingat sa mga humihiling ng iyong personal na impormasyon sa internet, telepono, at sa harap-harapan, kung sakaling ito ay isang panlilinlang.

**7**

Siyasatin ang pagdating ng mga bagong credit card na hindi mo hiningi o mga kuwenta ng bayarin para sa mga produkto at serbisyo na hindi para sa iyo.

**8**

Maging alerto sa mga transaksyon sa banko o mga nawawalang sulat.

**9**

Kung ikaw ay biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan– isumbong ito sa pulis at sa anumang mga may kinalamang organisasyon.

**10**

Palagiang humingi ng libreng kopya ng iyong credit report mula sa credit reporting agency, laluna kung ang iyong pagkakakilanlan ay ninakaw.